Mga Alituntunin sa Panunungkulan ng Tagapangalaga ng panlipunang kagalingan

At

Mga Alituntunin Para s a mga Pinaglilingkuran ng Tagapangalaga ng panlipunang kagalingan

Septiembre 2002

Mga Pinaglilingkuran ng mga Tagapangalaga ng panlipunang kagalingan

Panimula

Itong dokumentong ito ay nagsasaad ng mga pinagkasunduang mga alituntunin para sa panununungkulan ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan at ang mga pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan na naglalarawan ng mga pamantayan ng tamang asal at panununungkulan kung paano sila dapat magtrabaho.

Inumpisahan ng Sanggunian ng General Social Care ang kanyang trabaho noong 1 Oktobre 2001, kasabay ng Sanggunian ng Northern Ireland Social Care, ang Sanguniaan ng Scottish Social Services, at ang Care Council para sa Wales. Ang mga Sanggunian ay may tungkuling bumuo ng mga alituntunin para sa panununungkulan at nagsamasamang bumuo ng mga alituntuning ito bilang tulong sa pagpapabuti ng mga pamantayan ng mga serbisyo sa pangangalaga ng panlipunang kagalingan.

Magkasamang naiharap ang dalawang alituntuning para sa manggagawa at sa pinaglilingkuran dito sa dokumentong ito dahil sa komplimentaryo sila at nagpapakita ng nagsamang pananagutan ng mga pinaglilingkuran at mga manggagawa para masigurado ang mataas na pamantayan.

Ano ang mga alituntunin?

Ang Alintuntunin para sa mga Pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay nagtatakda ng mga pananagutan ng mga pinaglilingkuran sa pamamahala ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan. Itong ang kaunaunahang pagkakataong ang ganitong pamatayan ay naitakda sa buong bansa. Itinatakda ng alintuntunin na ang mga pinaglilingkuran ay sumunod sa mga pamantayang naisaad sa kanilang alituntunin, itaguyod ang mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan sa masunod ang kanilang alituntunin at gumawa ng kinakailangang aksiyon kung ang kanilang kawani ay hindi sumunod sa inaasahang pamantayan ng tamang asal.

Ang alituntunin ng Panunungkulan para sa mga Tagapangalaga ng Panlipunang Kagalingan ay isang listahan ng mga pangungusap na naglalarawan ng mga pamatayan ng propesyonal na asal at panunungkulang kinakailangan para sa tagapangalaga ng panlipunang kagalingan kung sila ay nanunungkulan sa araw-araw. Minsan pa, ito ang kaunaunahang pagkakataong ang mga pamantayang ito ay naiharap sa ganitong pamamaraan at sa buong bansa kahit na may mga pinaglilingkuran may ganitong pamantayang nabuo na panglokal lang. Ang layunin nito ay para pagtibayin ang pamantayang kinakailangan sa pangangalaga ng lipunang kagalignan at para masiguro na alam ng mga kawani ang pamantayan ng tamang asal ng mga pinanglilingkuran, ng mga kasamahan sa trabaho, mga tagapakinabang, mga tagapag-alaga at ang inaasahan sa kanila ng publiko.

Layunin rin ng alituntunin paliwanagin ang mga umiiral na mabuting panunungkulan at inaasahann kilalanin ito ng mga kawani at mga pinaglilingkuran bilang parehong batayan na kanilang nang minimithi. Tutulong ang mga Sanggunihan sa pagtataguyod ng mga pamantayang ito sa pamamagitan ng paggawa ng paraan upang ito'y madaling makuha sa maraming lugar.

Paano gagamitin ang mga alituntunin?

Ang mga alintuntunin ay susi sa pagpapakilala ng isang sistema sa pamamalakad ng pangangalaga sa lipunan ng apat na bansa sa UK. Pananagutan ng mga Sanggunihan ang pagpapalista ng mga taong naglilingkod sa pangangalaga ng lipunang kagalingan . Ang listahan ay magiging isang dokumentong panlipunan na nagsasaad na ang mga nakalista ay mga taong nakaabot sa mga kinakailangan para makapagpalista sa listahan at sumasangayong susunod sa mga pamantayan inilaad ng Alituntunin ng Panunungkulan ng Tagapangalaga ng Panlipunang Kagalingan.

Isasaalang-alang ng mga Sanggunihan ang mga pamantayan nakalaad sa Alituntunin para sa Panunungkulan para sa mga Tagapangalaga ng Panlipunang Kagalingan kung pinag-aaralan nila ang mga suliranin ng mga maling asal at pagdidisisyon kung ang nakalistang kawani ay mananatili sa listahan.

Ano kahulugan ng mga alintuntuning ito para sa iyo?

Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan magkakaroon ka ng basehan para patnubayan ka sa iyong panunungkulan at maging maliwanag sa iyo ang mga pamantayan ng tamang asal na inaasahang iyong maabot. Ikaw ay hinihikayat na gamitin ang alituntunin upang suriin ang iyong sariling panunungkulan at makita ang mga paraan upang bumuti pa.

Bilang pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan malalaman mo kung saan ka inaasahang kumilos sa pamamahala ng mga kawani at ang sumuporta sa pinakamabuting pangangalaga sa lipunan. Ikaw ay hinihikayat na basahin ang iyong sariling pamantayan ng panunungkulan at mga patakaran base sa pamantayang isinasaad sa alituntunin.

Bilang tagapakinabang ng mga serbisyo o miembro ng publiko tutulongan ka ng alituntunin sa pagunawa kung paano umasal sa harap mo at kung paano susuportahan ng mga pinaglilingkuran ang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan sa mabuting pagpapatupad nila ng trabaho nila.

Ang alituntunin ng mga Pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan

Ang layunin ng alituntuning ito ay para isaad ang mga panangutan ng mga pinaglilingkuran sa pamamahala ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan. Ang layunin ng mga pamamahala ng mga kawani ay para ipagtanggol at itaguyod ang kapakanan ng mga tapagpakinabang at mga tagapagalaga. Ang alituntunin ay binalak para hindi palitan o kopyahin ang mgas kasalukuyang nananatiling alituntunin ng mga pinaglilingkuran kung hindi ikomplemento ang mga ito at ito ay bumubuo ng mas malawak pang kabuoan ng lehislatora, mga kinakailangan at pagnubay na nakakaunawa sa panantili ng mga kawani. Ang mga pinaglilingkuran ang may pananagutan sa paninigurong napapanatili nila ang pamantayan nailaad sa alintuntuning ito, magbigay ng de kalidad na serbisyo at itaguyod ang pagtitiwala at paniniwala ng publiko sa mga serbisyong panlipunan.

Ang Kalagayan

Isaalangalang ng Komisyon ng Pambansang Pamantayan ng Pangangalagaat ng Inspektor ng Serbisyong Panlipunan itong alituntunin sa kanilang pagsasatupad ng pamantayan ng pangangalaga.

Para matugunan ang kanilang pananagutan kaugnay ng pamammahala ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan. Ang mga pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay kailangang:

- Sigurohin ang mga kawani ay nababagay makasama sa mga kawani at nakakaunawa sa kanilang tungkulin at mga pananagutan;
- May nakasulat na patakaran at pamamaraang naisaayos para matugunan ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang Alituntunin ng Panunungkulan ng mga Tagapangalaga ng Panlipunang Kagalingan ng Sanggunian ng Pangkalahatang Pangangalaga ng Panlipunang Kagalingan (GSCC)
- Maglaan ng pagsasanay at pagkakataong pagpapabuti para mapatibay ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang kanilang kakayahan at kagalingan;
- Maisaayos at maisagawa ang mga nakasulat na patakaran at pamamaraan nang sa gayun ay maharap ang mapanganib , mga gawa o kilos na pangdiskriminasyon o pagsasamantala; at
- Itatag ang alituntunin ng panunungkulan ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, mga tagapakinabang ng serbisyo, mga tagapagalaga at makipagtulongan sa mga paglilitis ng GSCC

1 Bilang pinanglilingkuran ng tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, dapat mong siguraduhin ang mga kawani ay nababagay maipasok bilang isa sa mga kawani ng tagapangasiwa ng pangangalaga ng panlipunang kagalingan at maunawaan ang kanilang tungkulin at mga panangutan.

Sinasakop nito ang mga:

1.1 Paggamit ng mahigpit at masusing pamamaraan ng pagkula at pangungupahan at pamimili nakatuon sa paniniguro na ang mga taong may nababagay na kaalaman at kakayahan at mga nababagay sa pagbibigay ng pangangalaga ng panlipunang kagalingan lang ang maipapasok na isa sa mga kawani nito;

1.2 Pagsisisiyasat ng mga talataan tungkol sa mga paglabag sa batas, o mga ibang dokumentong may ugnayan dito at mga palatandaan at pagsuri kung ang isang tao ay may kakayahang isatupad ang mga tungkulin ng trrabahong kung san sila ay napili bago pagtibayin ang mga kanilang pagkahirang;

1.3 Paghahanap at pagbibigay ng mapagkakatiwalaang mga sangngunian

1.4 Paghahanap ng ng mga malilinaw na impormasyon tungkol sa kanilang mga tungkulin at pananagutan , nauukol sa pagsasabatas at patakaran at pamamaraan ng kapisanang kailangan sundin sa kanilang trabaho ;at

1.5 Pinamamahalaan ang panununungkulan ng mga kawani at ng organisasyon para masiguro ang pinakamabuting paglilingkod at pangangalaga.

2 Bilang pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, dapat kang magkaroon ng nakasulat na mga patakaran at mga pamamaraang naisaayos para matupad ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang Alituntunin sa Panununungkulang ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ng GSCC.

Sinasakop nito ang mga:

2.1 Mga naisulat na mga alituntunin pasa sa pagpapatupad at pamahalaan tungkol sa: pagkakatiwala ; pantay-pantay na pagkakataon ; pagpapasya ng pagbabasakali; makabuluhan pangaabuso; pagtatala; at ang pagtanggap ng pera o mga personal na regalong nanggagaling sa mga tagapakinabang o mga tagapagalaga;

2.2 Mahusay na pamamahala at pagsusuperbisyon ng gma kawani para suportahan ang mahusay na panunungkulan at mabuting asal at mpagsusuporta ng mga kawani para matugunan ang mga kahinaan nila sa paglilingkod;

2.3 Nagsasaayos ng sistema para mai-ulat ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang kakulang ng mga pangangailangan o mga paghihirap sa pagpapatakbo na nakakasagabal sa pagpapatupad ng ligtas ng pangangalaga at pakikipagtrabaho sa kanila at ang mga nararapat na maykapangyarihan para tugunan ang mga problemang ito; at

2.4 Pagsuporta sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan para maipatupad Ang Alituntunin sa Panunungkulan ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan at ang hindi pagpipilit na magsagawa ng anumang maglalagay sa kanilang pagsunod dito sa alituntunin sa peligro.

3 As a social care employer, you must provide training and development opportunities to enable social care workers to strengthen and develop their skills and knowledge.Bilang pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, nararapat kang magbigay ng mga pagkakataon para sa mga pagsasanay at mga pagbubuti ng kakayahan para mapagtibay at mapabuti ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang kanilang mga kakayahan at kaalaman.

Sinasakop nito ang mga:

3.1 Pagbibigay ng pagtatalaga, pagsasanay at pagkakataong mapabuti ang kakayahan para matulongan ang mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan maisatupad ang kanilang mga trabaho nang mas mahusay maihanda sila para sa mga bagong at napabagong tungkulin at katungkulan.

3.2 Pagtulong sa mga probisyon ng pangangalaga ng panglipunang kagalingan at panlipunang edukasyon at pagsasanay, kasama awng pagsusuri ng mahusay na pinagtatrabahuhan at pagsasanay ng mga napagaralan.

3.3 Pagsuporta ng mga kawaning nakatalagang naghihintay na mapasama sa listahan habang naghihintay maging nararapat na mahirang sa katangian ng GSCC ng mga nararapat mailista and ang mga kinakailangan katangian para sa patuloy na pagsasanay; at

3.4 Tamang pagtugon sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ng nagpapatulong dahil sa tingin nila ay kulang sa kakayahan o hindi pa handang manungkulan sa maraming bahagi ng kanilang trabaho.

4 Bilang pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, kinakailangang mong isaayos at ipatupad ang mga nakasulat na patakaran at pamamaraan maharap ang mga mapanganib, di pantay-pantay na pakikitungo o mga pangaabusong kilos o gawain.

Sinasakop nito ang mga

4.1 Pagpapaliwanag sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan na ang pangaapi , pananakot o anumang uri ng di makatwirang diskriminasyon at hindi maaring tanggapin at kailangang tugunan ang ganitong gawain.

4.2 Pagtatatag at pagtataguyod mga hakbang para maiulat ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ang mga mapanganib, di pantay-pantay na pakikitungo , pangaabuso o pagsasamantalang ugali at pagkilos at pagtugon ng mga ito ay kaagarang pagsusumbong , epektibo at tapat;

4.3 Pagpapaliwanag sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, mga tagapakinabang, at tagapagalaga na ang karahasan, pananakot o pangaabuso sa mga kawani ay hindi katanggap-tanggap at magkarron ng mga maliwanag na mga patakaran at proceso para mabawasan ang panganib ng karahasan at mapangasiwaan ang mga mararahas na insidente.

4.4 Pagsuporta ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingang nakaranas ng truma o karahasan sa kanilang trabaho;

4.5 Pagsasaayos at Pagsasagawa ng mga nakasulat na patakaran at pamamaraan na nagtataguyod ng kapakanan ng mga kawani at pantay-pantay na pagkakataon pawa sa mga kawani ; at

4.6 Kahit na ang iyong npangunahing pananagutan ay ang pangangalaga at kaligtasan ng mga tagapakinabang, pagbibigay ng naaangkop na tulong para sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingang may mga trabahong napinsala ng sakit o pagkalulon sa

bawal na gamot at alak , at nagbibigay ng malinawpatnubay tungkol sa mga anumang hangganan ng kanilang trabaho habang sila ay nagpapagamot

5 Bilang pinapaglinkuran ng tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, kinakailangan itaguyod mo ang alutuntunin ng panununungkulan ng GSCC sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, tagapakinabang at tagapagalaga at makipagtulongan sa mga paglilitis ng GSCC.

Sinasakop nito ang mga:

5.1 Pagbibigay-alam sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ungkol sa alituntuning ito at ang pananagutan mong sundin ito;

5.2 Pagbibigay-alam sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan tungkol sa Alituntunin ngPanununungkulan para sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ng GSCC at ang kanilang personal na pananagutan para matupad ang alituntuning ito;

5.3 Pagpapabatid sa mga tagapakinabang at tagapagalaga ng alituntuning ito at ng Alintuntunin para sa tagapangalaga ng panlipunang kagalingang at ipinapaalam sa kanila ang tungkol sa paglalabas ng mga suliranin sa pamamagitan ng inyong mga patakaran at kung kinakailangan at makipag-alam sa GSCC sa patungkol ng alituntuning ito;

5.4 Pagsasasa-alang-alang ng Alituntunin ng Panununungkulan para sa tagapangalaga ng panlipunang kagalingang ng GSCC sa padedesisyon ng mga bagay patungkol sa pamamahala ng mga kawani;

5.5 Pagbibigay alam sa GSCC tungkol sa anumang paglabag ng mga nakalistang tagapangalaga ng panlipunang kagalingang na maaring makasira sa kanilang pagkalista at pagbibigay alam sa mga kawaning nasasangkot na may reklamo sa GSCC; at

5.6 Pakikipagtulongan sa mga imbistigasyon ng GSCC at mga paglilitis at bigyan tugon ang mga kapasyahan at desisyon ng GSCC.

Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang

Panimula

Itong dokumento ay nagsasaad ng pinagkasunduang mga alituntunin ng panunungkulan para sa tagapangalaga ng panlipunang kagalingang at ang mga pinaglilingkuran ng tagapangalaga ng panlipunang kagalingang inilalarawan ang pamantayan at panunungkulan nila sa trabaho. Ang panimulang ito ay inulit din sa Alituntuning ng Panunungkulan para sa mga Pinaglilingkuran ng Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang at layun na tulongan kang maunawaan kung para saan ang mga alituntuning at kung ano ang kahulugan nito sa iyo bialng isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingang , pinaglilingkuran, tagapakinabang o isang miembro ng publiko.

Inumpisahan ng Sanggunian ng General Social Care ang kanyang trabaho noong 1 Oktobre 2001, kasabay ng Sanggunian ng Northern Ireland Social Care, ang Sanguniaan ng Scottish Social Services, at ang Care Council para sa Wales. Ang mga Sanggunian ay may tungkuling bumuo ng mga alituntunin para sa panunungkulan at nagsamasamang bumuo ng mga alituntuning ito bilang tulong sa pagpapabuti ng mga pamantayan ng mga serbisyo sa pangangalaga ng panlipunang kagalingan.

Magkasamang naiharap ang dalawang alituntuning para sa manggagawa at sa pinaglilingkuran dito sa dokumentong ito dahil sa komplimentaryo sila at nagpapakita ng nagsamang pananagutan ng mga pinaglilingkuran at mga manggagawa para masigurado ang mga mataas na pamantayan.

Ano ang mga alituntunin?

Ang Alintuntunin para sa mga Tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay isang listahan ng mga paglalahad na naglalarawan ng mga pamantayan ng propesyonal na pagkilos at panunungkulan na kinakailangan sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingang sa kanilang panunungkulan sa kanilang trabaho. Ito any unang pagkakataon na ang mga pamantayan ay maipagbigay- alam sa pambansang antas,

bagamat maraming pinaglilingkuran na may ganitong pamantayang naisaayos sa lokal na antas. Ang layon ay upang mapatunayan ang mga

pamantayan kinakailangan sa pangangalagang panlipunan at makasigurong alam ng mga kawani ang mga pamantayan ng asal na inaasahan ng publiko sa mga pinaglilingkuran, kasamahan, tagapakinabang, tagapag-alaga sa knila.

Ang Alituntunin ng Panunungkulan para sa Pinaglilingkuran ng mga Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang nagtatakda ng mga pananagutan ng mga pinaglilingkuran sa pamamahala ng mga Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang. Muli, ito ang unang pagkakataon sa nailahad sa pambansang antas. Hinihingi sa mga pinaglilingkuran sundin ang mga pamantayan mailahad sa kanilang alituntunin, alalayan ang mga Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang para masapatan ang kanilang alituntunin at gumawa ng nababagay na aksiyon sa panahong hindi nagagampanan ng mga kawani ang mga inaasahan pamantayan ng tamang asal.

Ang mga alituntunin ay nilalayun para maihatid ang magandang panununkulan at inaasahan na ang mga kawani at mga pinaglilingkuran ay kikilalaning ang mga alutuntunin ang isahang pamantayan na kanilang hinahangad. Ang Sanggunian ay maglulungsad ng mga pamantayang ito sa pamamagitan ng pagkakalat ng mga alituntunin.

Paano gagamitin ang Alituntunin?

Ang mga alituntunin ay susing hakbang sa pagpapakilala ng maayos na paraan sa Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang sa apat na bansa ng UK. Ang mga Sanggunian ay amy pananagutang magpalista ng mga taong naglilingkod sa pangangalaga ng palipunang kagalingan. Ang listahan ay isang dokumentong pampubliko na kung saan nakalista ay nakatupad ng mga kinakailangan para mailista sa talaan at sumasangayong sumunod sa mga pamantayang naisaad sa Alituntunin ng Panunungkulan para sa Tagapangalaga ng panlipunang kagalingang .

Isasaalang-alang ng mga Sanggunian ang mga pamantayan nakalaad sa Alituntunin para sa Panunungkulan para sa mga Tagapangalaga ng Panlipunang Kagalingan kung pinag-aaralan nila ang mga suliranin ng mga maling asal at pagdidisisyon kung ang nakalistang kawani ay mananatili sa listahan.

Ano ang kahulugan ng Alituntuning ito sa iyo?

Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan magkakaroon ka ng basehan para patnubayan ka sa iyong panunungkulan at maging maliwanag sa iyo ang mga pamantayan ng tamang asal na inaasahang iyong matupad. Ikaw ay hinihikayat na gamitin ang alituntunin upang suriin ang iyong sariling panunungkulan at makita ang mga paraan upang bumuti pa.

Bilang pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan malalaman mo kung saan ka inaasahang kumilos sa pamamahala ng mga kawani at ang sumuporta sa pinakamabuting pangangalaga sa lipunan. Ikaw ay hinihikayat na basahin ang iyong sariling pamantayan ng panunungkulan at mga patakaran base sa pamantayang isinasaad sa alituntunin.

Bilang tagapakinabang ng mga serbisyo o miembro ng publiko, tutulongan ka ng alituntunin sa pagunawa kung paano umasal sa harap mo at kung paano susuportahan ng mga pinaglilingkuran ang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan sa mabuting pagpapatupad nila ng trabaho nila.

Ang alituntunin sa panunungkulan ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan

Ang layunin ng alituntuning ito ay para ilahad ang mga magandang asal na inaasahan sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan at ipaalam sa mga tagapakinabang at ang publiko tungkol sa mga magagandang asal na inaasahan sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan. Ito ay bumubuo ng mga mas malawak ng bahagi ng pagpapasabatas, mga pamantayan ng panunungkulan at mga patakaran at pamamaraan na kinakailangan maisatupad. Ang mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay may pananagutang siguraduhin na ang mga asal nila ay hindi lumalabag o nagkukulang sa mga pamantayang naialahad sa alituntuning ito at walang gawain o pagkukulang sa kanila na pipinsala sa kagalingan ng mga tagapakinabang.

Ang kalagayan

Inaasahan ng Sanggunian ng Pangkalahatan Pangangalaga ng Panlipunang Kagalingan na ang mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay maipasatupad ang alituntuning ito at kumilos kung ang isang nailistang kawani ay nagkulang nito.

Ang mga pinaglilingkuran ng mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay kinakailangnang imagsaalang-alang ng alituntuning ito sa pagdedesisyon nila tungkol sa asal ng kanilang kawani.

Kinakailangan ang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ay:

- Pangalagaan ang mga karapatan at itaguyod ang kalagayan ng mga tagapakinabang at mga tagapagalaga
- Magsikap itatag at panatiliin ang pagtitiwala at pananalig ng mga tagapakinabang at tagapag-alaga;
- Itaguyod ang pagsasarili ng mga tagapakinabang habang pinangangalagaan silang mailayo sa panganib o kapahamakan;
- Igalang ang mga karapatan ng mga tagapakinanbang habang sinisigurong ang kanilang mga kilos ay hindi nakakasama sa kanila o sa ibang tao;
- Pagtibayin ang pagtitiwala at pananalig ng publiko sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ; at
- Panindigan ang uri ng kanilang paglilingkod at managot sa pagpapanatili at pagpapabuti ng kanilang kaalaman at kakayahan.

1 Bilang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan , kinakaialngang pangalagaan mo ang mga karapatan at itaguyod ang mga kapakanan ng mga tagapakinabang at mga tagapagalaga.

Sinasakop nito ang mga:

1.1 Pakitunguhan ang bawat tao bilang isang indibidwal;

1.2 Igalang at kung nababagay at itaguyod ang indibidwal na pananaw at kahilingan ng parehong tagapakinabang at tagapagalaga;

1.3 Suportahan ang mga karapatan ng mga tagapakinabang upang pamahalaan ang kanilang mga buhay ay gumawa ng matalinong pamimili tungkol sa mga serbisyong kanilang tinatanggap;

1.4 Igalang at panatiliin ang pagkatao at pag-iisa ng mga tagapakinabang ;

1.5 Itaguyod amg pantay-pantay na pagkakataon para sa mga tagapakinabang at mga tagapagalaga: at

1.6 Igalang ang mga pagkakaiba at iba't ibang kultura at kahalagahan .

2 Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan kinakailangan kang magsumikap upang maitatag at mapanatili and tiwala at pananalig ng tagapakinabang at tagapagalaga.

Sinasakop nito ang mga :

2.1 Pagiging matapat at mapagkakatiwalaan;

2.2 Pakikipagusap nang nababagay, bukas, tamang-tama at tapat;

2.3 Paggalang ng mga lihim na impormasyon at maliwanag na pagpapaliwanag ng mga patakaran ng ahensiya tungkol sa paglilihim sa mga tagapakinabang at tagapagalaga;

2.4 Pagiging mapagkakatiwalaan at mapapanaligan ;

2.5 Iginagalang ang mga pangakong gawain, mga kasunduan at kaayusan at, kung hindi puedeng gawin ay ipaliwanag kung bakit hindi puede sa mga tagapakinabang at tagapagalaga ;

2.6 Ipahayag ang mga suliranin na maaring maging dahilan ng hindi pagkakasundo ng interest at paniniguro na hindi sila makakaimpluwensa sa iyong pagpapasiya o panunungkulan; at

2.7 Sumang-ayun sa mga patakaran at pamamaraan tungkol sa pagtatanggap ng mga regalo at pera galing sa mga tagapakinabang at tagapagalaga.

3 Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan , kinakailangan mong itaguyod ang pagiging independente ng mga tagapakinabang habang sila ay iyong pinapangalagaan mailayo sa panganib at kapahamakan.

Sinasakop nito ang mga:

3.1 Pagtataguyod ng pagiging independente ng mga tagapakinabang at tinutulongang silang maunawaan at magamit ang mga karapatan nila;

3.2 Pagsunod sa mga naitatag na mga paglakad at pamamaraan para maharap at mai-ulat ang mga mapanganib, abusado, di pantay-pantay na pakikitungo o mapangabusong kilos o panunungkulan;

3.3 ayos para mapanitili ka at ng ibang taong ligtas sa karahasan at pangaabusong gawi sa trabaho;

3.4 Pagsusumbong sa iyong pinaglilingkuran o sa kinauukulang may kapangyarihan mga kagamitan o kahirapan sa pamamahala na maaring maging balakid sa pagbibigay ng ligtas na pangangalaga;

3.5 Pagsasabi sa iyong pinaglilingkuran o sa kinauukulang may kapangyarihan kung ang mga panunungkulan ng mga kasamahan ay hindi ligtas o makakasira ng pamantayan ng pangangalaga.

3.6 Pagtupad sa mga pangkalusugan at kaligtansang mga alituntuning ng pinaglilingkuran kasama dito ang mga bagay na may kaugnayan sa pagaabuso;

3.7 Pagtulong sa pagrereklamo ng mga tagapakinabang at tagapagalaga , at binibigyan halaga at tinutugunan ang mga ito o ibinibigay sa mga kinauukulang tao; at

3.8 Pagkilala at tamang paggamit ng kapangyarihang nanggagaling sa iyong trabaho at sa tagapakinabang at tagapagalaga.

4 Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan , kinakailangang igalang mo ang mga karapatan ng mga tagapakinabang habang sinisigurong ang kanilang mga kilos ay hindi nakakasama sa kanila o sa ibang tao;

Sinasakop nito ang mga:

4.1 Pagkilala na ang mga tagapakinabang ay may karapatang magbakasakali at tulongan silang makakita at mamahala ng mga posible at tunay na panganib sa kanilang sarili at sa ibang tao

4.2 Pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng pagsuri kung ang kilos ng mga tagapakinabang at nagbibigay panganib sa kanila o sa ibang tao;

4.3 Paggawa ng kaukulang hakbang upang mabawasan ang panganib ng pagdadala ng mga tagapakinabang ng kapahamakan sa kanila o sa ibang tao;at

4.4 Paninigurong ang kinauukulang kasamahan at mga ahensiya at nabibigyan ng impormasyon tungkol sa mga resulta at maaring ibunga ng mga pagsusuri ng panganib

5 Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan, kinakailangang pagtibayin mo ang pagtitiwala at pananalig ng publiko sa mga tagapangalaga ng panlipunang kagalingan ;.

Higit sa lahat kinakailangang hindi mo:

5.1 Aabusuhin o pinapabayaan o nanakit ng mga tagapakinabang, ng mga tagapagalaga o ng mga kasamahan ;

5.2 Samantalahin sa anumang paraan ang mga tagapakinabang, tagapagalaga o mga kasamahan;

5.3 Abusuhin ang pagtitiwala ng mga tagapakinabang at tagapagalaga o ng kakayahang mong makakuha ng mga impormasyon tungkol sa kanila o sa kanilang ariarian ,ng kanilang bahay o pinatatrabahuhan;

5.4 Makipagrelasyon ng hindi naaangkop sa mga tagapakinabang

5.5 Ang hindi naayon sa bataso di makatarungang di pantay-pantay na pakikitungo sa mga tagapakinabang , mga tagapagalaga o mga kasamahan;

5.6 Sangayunan ang anumang hindi naaayon sa batas o hi makatarungang pakikitungong pantay-pantay sa mga tagapakinabang , mga tagapagalaga o mga kasamahan;

5.7 Paglagay sa sarili o ng ibang tao sa panganib ;

5.8 Pagkilos na nagbibigay alinlangan kung nababagay ka sa iyong trabaho sa pangangalaga ng panlipunang kagalingan

6 Bilang isang tagapangalaga ng panlipunang kagalingan kinakailangan mong panindigan ang uri ng iyong paglilingkod at sa pagpapanatili at pagpapabuti ng iyong kaalaman at ng iyong kakayahan.

Sinasakop nito ang mga:

6.1 Naaabot ang mga pamatayang may kaugnayan sa panununungkulan at pagtatrabaho na ayon sa Batas, ligtas at mahusay na pamamaraan;

6.2 Pananatili ng maliwanag at tamang talaang kinakailangan ng mga pamamaraang naisaayos para sa trabaho mo;

6.3 Sinasabihan mo ang iyong pinaglilingkuran o ng kinakaukulang may kapangyarihan tungkol sa anumang personal na paghihirap na puedeng umapekto sa iyong kakayahan isagawa ang iyong trabaho nang maayos at ligtas;

6.4 Nagpapatulong sa iyong pinaglilingkuran o sa mga kinauukulang may kapangyarihan kung sa tingin mo ay hindi mo magawa o handang isagawa ang alin mang bahagi ng iyong trabaho, o hindi ka nakakasiguro tungkol sa pagpapatuloy ng iyong trabaho;

6.5 Pagtrabaho nang bukas ang isipan at nakikipagtulongan sa mga kasamahan at pinakikitunguhan sila nang may respeto ;

6.6 Tinatanggap mo na pananagutan mo ang trabahong ipinagawa mo sa ibang kawani;

6.7 Tinatanggap at nbinibgiyan galang ang mga tungkulin at pagkadalubhasa ng mga kawani ng mga ibang ahensiya at nakikisama sa kanila;

6.8 Sumasailalim ng mga naangkop na pagsasanay para mapanatili at mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan at makatulong sa pagaaral at pagpapabuti ng kakayahan ng iba.

General Social Care Council
Goldings House
2 Hay's Lane
London
SE1 2HB

020 7397 5100
www.gscc.org.uk

© Copyright General Social Care Council 2002